# MATATAG KURIKULUM: PAGTIMBANG SA PAGBABAGO SA SISTEMA NG EDUKASYON

*by:*
**Maureen T. Adan,**
*Teacher II, St. Francis National High School*

Sa mga nakalipas na buwan, ang dating sekretarya ng Edukasyon na si VP Sara Duterte ay gumawa ng malaking pagbabago sa kurikulum ng edukasyon sa Pilipinas. Isa sa mga pinaka pinag-usapang pagbabago ay ang pag papatupad ng DepEd order No. 010, s. 2024 o MATATAG curriculum. Ito y naglalayong magbawas sa mga learning competencies mula 11,738 patungo sa 3,664. Ito ay naglalayon umanong pahusayin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Gayunpaman, habang tila may positibong layunin ang pagbabagong ito, hindi maikakailang maraming isyu ang bumabalot dito na kailangang harapin ng DepEd nang may higit na pagkonsulta at pananagutan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa sa mga pangunahing kritisismo ay ang kawalan ng demokratikong konsultasyon sa

mga pangunahing sektor tulad ng mga guro, mag-aaral, at magulang. "This MATATAG curriculum has turned our schools into arenas of suffering," sabi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines Chairperson Vladimer Quetua. Ayon din sa Alliance of Concerned Teachers (ACT), hindi isinama ang mga guro sa pagbuo ng mga bagong polisiya, sa kabila ng pagiging pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum.

Ito ay malinaw na paglabag sa Section 5 ng Republic act No. 9155 o Governance of Basic Education Act of 2001, na nagsasaad na dapat bigyan ng kapangyarihan ang mga guro, magulang, at lokal na komunidad sa pagbuo ng mga desisyon sa edukasyon.

Bukod pa rito, ang pagtanggal ng mahahalagang asignatura tulad ng Mother Tongue at MAPEH ay sumasalungat sa mga probisyon ng Republic Act No. 10533 o

Enhanced Basic Education Act of 2013, na nagbibigay-halaga sa lokal na kultura at holistic na pagkatuto. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa pagsasaalang-alang sa mga opinyon ng mga guro at komunidad ay nagpapakita ng kawalan ng pagsunod sa demokratikong prinsipyo sa pagbuo ng edukasyonal na mga polisiya.

Kung tunay na hangad ng MATATAG Curriculum na mapabuti ang kalidad ngedukasyon, dapat itong dumaan sa mas malalim na deliberasyon at konsultasyon, upang matiyak na ang mga pagbabagong ipinapatupad ay hindi lamang nakatuon sa pagpapapagaan ng kurikulum kundi pati sa

pagsasaalang-alang sa pangkalahatang kapakanan ng mga mag-aaral, guro, at komunidad.

Ang edukasyon ay pundasyon ng kaunlaran ng bansa; kaya nararapat na ito'y maging inklusibo, makatarungan, at tunay na nakatuon sa pangmatagalang pagbabago.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Presidential Communications Office. (2024, August 9). DepEd to amend MATATAG curriculum based on feedback of teachers, students. https://pco.gov.ph/news_releases/deped-to-amend-matatag-curriculum-based-on-feedback-of-teachers-students/